LOS ANGELES COUNTY
CONSUMER & BUSINESS AFFAIRS

BRIAN J. STIGER
Director

500 W. Temple Street, Room B-96
Los Angeles, CA 90012

(800) 593-8222 sa loob ng Los Angeles County
(213) 974-1452 sa labas Los Angeles County

Email: wagehelp@dcba.lacounty.gov

Website: dcba.lacounty.gov

Sundan kami para sa mga pinakahuling balita at payo!

Facebook | **LACountyDCBA**

Instagram | **LACountyDCBA**

Twitter

Mga Consumer | **LACountyDCBA**

Maliit na Negsoyo | **LACoSmallBiz**

Kastila | **LACoConsumidor**

County of Los Angeles
Lupon ng mga Nangangasiwa

Hilda L. Solis, Unang District
Mark Ridley-Thomas, Ikalawang District
Sheila Kuehl, Ikatlong District
Janice Hahn, Ikaapat na District
Kathryn Barger, Ikalimang District

Huling Isinapanahon 12.5.16

MGA SERBISYONG WALANG-BAYAD

para sa mga consumer at negosyo sa L.A. County

- Pagpapatupad ng Pasahod
- Pagpapayo sa Consumer [namimili]
- Pag-imbestiga ng mga Reklamo
- Pagtulong Pang-Small Claims Court [hukuman ng mga demandang maliit ang halaga]
- Mediation [pagpamamagitan upang magkasundo]
- Pagtulong Pampigil ng Pagremata
- Pagtulong Pang-Maliit na Negosyo
- Outreach [masigasig na pakiuugnay] at Pagtuturo Pang-Consumer [namimili]
- Pagbibigay Kapangyarihan Pampananalapi

Nagsisilbi ng mga consumer at negosyo sa Los Angeles County mula 1976.

ANG AMING LAYUNIN

Upang paunlarin ang bilihan na makatarungan at mataginting, aming sinisilbihan ang mga consumer, negosyo, at komunidad sa pamamagitan ng pagtuturo, pagtatanggol, at paglulutas ng mga reklamo.

LOS ANGELES COUNTY
CONSUMER & BUSINESS AFFAIRS

Bagong Minimum Wage ng L.A. County

PARA SA MGA NAGPAPATRABAHO

FOR EMPLOYERS (TAGALOG)

BAGONG MINIMUM WAGE NG L.A. COUNTY

Simula sa July 1, 2016 tataas ang minimum wage para sa mga taong nagtatrabaho sa mga unincorporated area [mga pook na walang sariling pamahalaan pambayan] sa Los Angeles County.

Tataas ang minimum wage taon-taon hanggang 2021, kung kailang magiging $15 bawat oras, batay sa bilang ng inyong mga pinatatrabaho.

Dapat magpasahod ng tumaas na minimum wage ang lahat ng nagpapatrabaho sa mga unincorporated area sa L.A. County, na may kaunting pamumukod.

Kailan tataas ang minimum wage?

Tataas ng minimum wage sa County bawat taon sa July 1.

Dapat magpasahod ang mga nagpapatrabaho sa kanilang mga nagtatrabaho na hindi mas mababa sa mga sumusunod ng per-ora sa mga sumusunod ng araw na magkakabisa.

Taon	Mga malaking nag-papatrabaho (26 o mahigit na nagtatra-	Mga maliit na nagpa-patrabaho (25 o mas kaunting nagtatra-
2016	**$10.50**	**$10.00**
2017	**$12.00**	**$10.50**
2018	**$13.25**	**$12.00**
2019	**$14.25**	**$13.25**
2020	**$15.00**	**$14.25**
2021	**$15.00**	**$15.00**

Sino ang mga karapat-dapat para sa bagong minimum wage?

Sinumang nagtatrabaho nang kahit man lamang dalawang oras sa panahon ng isang-linggo sa loob ng mga unincorporated area sa County ay may-karapatan sa minimum wage ng County para sa mga oras na trinabaho sa unincorporated area ng County. Walang bale sa pagtukoy ng minimum wage ang katayuang pampagtatrabaho ng nagtatrabaho, saan sila nakatira, o saan ang headquarter ng inyong negosyo.

Maaring hindi saklaw ng batas na ito ang ilan sa inyong nagtatrabaho. Upang tiyakin kung mayroon kayong sinuman na hindi saklaw. tawagan kami sa **(800) 593-8222 o mag-email sa amin sa wagehelp@dcba.lacounty.gov.**

Papaano naming malalaman kung nasagawa ang trabaho sa isang unincorporated area ng County?

Upang malaman kung nasagawa ang trabaho sa isang unincorporated area ng L.A. County, ipasok ang address sa website ng County Registrar-Recorder sa **http://rrcc.lacounty.govOnlineDistrictmapApp/** o tumawag sa DCBA.

Kung magsagawa ang inyong mga nagtatrabaho sa unincorporated area ng L.A. County, kahit na sa labas ng unincorporated area ang inyong negosyo o non-profit [hindi matubong gawain], kung gayon dapat kayong magpasahod ng kahit man lamang minimum wage ng County.

Kung hindi magsagawa ang inyong mga nagtatrabaho sa unincorporated area ng L.A. County, dapat kayong magpasahod ng umiiral na minimum wage ng State ng California o lunsod kung saan ang inyong negosyo.

Ano ang aking mga tungkulin bilang isang negosyo o non-profit sa ilalim ng kautusan pang-minimum wage ng County?

- Pasahurin ang mga nagtatrabaho sa antas ng minimum wage na inuutos ng batas ng County para sa mga pagsasagawa sa unincorporated L.A. County.
- Magpaskil ng patalastas sa isang kapuna-punang lugar upang magpabatid sa mga nagtatrabaho ng kasalukuyang antas ng minimum wage at kanilang buong mga karapatan sa ilalim ng batas, magkaloob ng copy ng patalastas sa lahat ng nagtatrabaho na nagsasagawa sa mga unincorporated area ng L.A. County. Magkakaloob ang DCBA ng patalastas na inuutos sa inyo na ipaskil sa mga wika na kailangan.
- Magpanatili ng wasto at kumpletong record pam-payroll para sa bawat nagtatrabaho sa panahon nang apat na taon.

PAGTUKOY NG REKLAMO

Anong mangyayari kung tawagan ang aking negosyo o non-profit ng isang imbestigador ng DCBA?

Nagsasagawa ang DCBA na kasama ng mga nagpatatrabaho at nagtatrabaho upang tiyakin na makikilala, matutukoy, and malulunasan ang mga paglabag ng minimum wage ng County sa paraang nasa panahon at mabisa.

Kung makatanggap ang DCBA ng reklamo tungkol sa inyong negosyo, makikitungo kami sa inyo upang suriin ang inyong mga records pam-payroll at kapanayamin kayo at inyong mga nagtatrabaho. May-kapangyarihan ang DCBA na magsita ng anumang mahanap na paglabag.

Tatalakayin ng DCBA sa inyo ang pag-imbestiga at papayagan kayong sumagot sa anumang reklamo at iwasto ang kalagayan, kung kinakailangan.

Labag sa batas na gumanti kayo laban sa isang nagtatrabaho na:

- Humiling na masahuran ng inuutos na minimum wage.
- Nagharap ng reklamo tungkol sa maaaring paglabag sa minimum wage.
- Ipabatid sa iba pang mga tao ang kanilang karapatan o isang maaaring paglabag.

PARA SA HIGIT PANG IMPORMASYON

(800) 593-8222 **dcba.lacounty.gov**